


ANG KAHALAGAHAN NG PUSO

Review – Paano nagsisimula ang mga prayer meetings sa Bible?

Sa pamamagitan ng _____.

Paano Makipag-ugnay sa Diyos?

Ilipat ang iyong pagtingin sa _____ patungo sa pagtingin sa _____. Nangyayari ang ugnayang ito kung magkakaroon tayo ng pananaw na katulad ng sa kanya, dadalhin ang ating mga naisin na nakaayon sa kanyang naisin, magpapasakop sa kanyang kalooban, at pakikilingan ang mga sinasabi niya.



Ang Kahalagahan ng Pagtugon ng Iyong Pusong (Responding with the Heart)

Ang ikalawang gawain ng mga “great prayer warriors” ay ang kanilang pagtugon sa Diyos nang galing sa kanilang puso.

1. Basahin ang Jeremias 29:13, Mateo 5:8, 13:15, at Hebreo 10:22. Ano ang basehan para mahanap, makita, marinig, maunawaan, at makalapit tayo sa Diyos? _____.
2. Sa Biblia hindi inihihwalay ng Diyos ang *prayer request* sa kalagayan ng puso ng taong nanalangin. Sa Genesis 4:1-5, hindi kinalugdan ng Diyos si Cain *at* ang kanyang handog, subalit kinalugdan naman si Abel *at* ang kanyang handog. Ang tugon ng Diyos sa kanila ay depende sa kalagayan ng kanilang puso. Ganito din ang makikita sa Awit 66:18, 2 Cronica 34:27, at Ezekiel 14:7-8. Maaaring ang dalawang tao ay humiling ng iisang bagay, ngunit maaaring ibigay ito ng Diyos sa isa at hindi naman sa isa, katulad sa kaso nina Jehoshafat at Jehoram sa 2 Hari 3:1-14.
3. Dapat nating paunlarin ang mga gawaing nakakapanatili ng ating puso para sa Diyos. Hindi naman puwedeng namumuhay tayo ayon lang sa sarili nating kagustuhan, tapos ay biglang lalapit sa kanya sa panahon ng krisis.
4. Ang maka-Diyos na panalangin (hindi lahat ng uri ng panalangin) ay kinakailangang gawin upang mapanatili ang ating puso para sa Diyos. Maraming panalangin ang kinakikitaan lamang ng pag-aalala, pagkamakasariili, at paghiling ng mga bagay na ‘di dapat hilingin.

Implikasyon

Mayroong oras sa prayer meeting na dapat ilaan upang maihanda, at/o mahayaang tumugon ang ating mga puso sa Diyos. Makikita mo ang simbolo ng “puso” na magpapaalala sa atin tungkol sa gawain ng pagtugon ng puso sa Diyos. Kailangan nating malaman kung paano ihahanda ang ating mga puso.

Paano Inihahanda ang Pusong?

1. Sa *pamamagitan ng palagiang pag-aalala o pagbabalik-tanaw*. Maaari tayong magkaroon ng oras sa pagbubulay upang ipaalala sa atin ang mga pangunahing katotohanan. Halimbawa, maaari nating pagbulayan ang mga pagpapala ng Diyos sa atin. O kaya’y maaari tayong magkaroon ng listahan ng mga talata sa Biblia na titingnan upang masiyasat ang ating puso. Ang gawaing ito ay karaniwang ginagamit ng Diyos upang magpaalala sa atin. (Awit 100)
2. Sa *pamamagitan ng Salita ng Diyos, isang patotoo, isang awit, o iba pa na makapagbibigay ng tamang pananaw*. Maaaring makarinig tayo ng talata mula sa Biblia, mapukaw ang ating damdamin sa katotohan nito, o mabuksan ang ating mga mata sa katotohanang itinuturo ng Diyos sa atin. Gagamitin ito ng Espiritu upang bigyang-diin ang dapat nating marinig upang maging handa na humarap sa Diyos.
3. Sa *pamamagitan ng pagsasanay na mamuhay ng isang buhay na palagiang tumutugon sa Diyos*.

Oras ng Panalangin

Sa tuwing binabago tayo ng Diyos sa ganitong paraan, magiging handa tayong talikuran ang ating sarili at magkaroon ng mas matinding pagnanais na mapaglingkuran siya.

1. Napansin mo bang ginagawa ito ng Diyos sa iyong puso nitong mga nakaraang araw? Paano?
2. Ano ang naramdaman mong ginagawa niya sa iyong buhay nitong nakaraang linggo?
3. Kung hindi mo ito nakikita na regular na ginagawa ng Diyos, bakit kaya?



1. Sa anu-anong bahagi ng buhay mo mapapansin mong kinakatok ng Diyos ang puso mo?
2. Mayroon ka bang ilang mga motibo o mga naisin na kailangang ihingi ng tawad at linisin?
3. Tungkol sa pagpapahayag ng kasalanan, ito ba ay parang isang kabigatan o isang kagalakan?

